Kung sakaling ako ay mag-uutos sa isa man na magpatirapa sa isa pa, talagang mag-uutos ako sa babae na magpatirapa sa asawa niya.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Kung sakaling ako ay mag-uutos sa isa man na magpatirapa sa isa pa, talagang mag-uutos ako sa babae na magpatirapa sa asawa niya."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Ipinabatid ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na kung sakaling siya ay mag-uutos sa isa man na magpatirapa sa isa pa, talagang mag-uutos siya sa babae na magpatirapa sa asawa niya. Iyon ay bilang pagdakila sa karapatan ng lalaki sa maybahay niya ngunit ang pagpapatirapa sa iba pa kay Allah ay ipinagbabawal na hindi ipinahintulot nang lubusan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5826